Ito ay po isang paanyaya
para sa buong pamilya,
halina't makisaya
pagdiriwang ng Buwan ng Wika
ay nalalapit na.

Kaya't bitbitin ang buong pamilya
dumalo at makiisa,
Sa Meralco Fitness Center, Meralco Compound tayo ay magsasama-sama.
Kung ang lugar ay di alam, ito ay malapit sa Robinson's Galleria
Baybayin lamang ang Meralco Avenue at ito ay makikita.

Ika-26 ng Agosto sa kalendaryo ay itala,
sa ganap na Ika-walo at kalahati ng umaga tayo ay magsisimula.
Pagsapit ng Ika-labing dalawa ng tanghali,
nanalo man o hindi
Kailangang munang maghiwa-hiwalay,
na may ngiti sa mga labi.

Sa mga dadalo pakiusap namin nawa'y dinggin,
kung maaari lang sanang magpatala
ng inyong mga pangalan sa amin.
Apat na pangkat para sa mga palaro ay bubuuin,
hanggang sa Biyernes, Ika-19 ng Agosto
kayo ay aming hihintayin.

At kung sa araw na ito ay hindi makakadalo,
malulungkot kami at lubos na mami-miss kayo.
Nawa'y sikapin nating makumpleto tayo,
paminsan-minsan lang naman po
ang mga pagdiriwang na ganito.

Panawagan namin sa inyo
butihing mga magulang,
tulong at suporta ninyo
ay lubos na kinakailangan.
Pasasalamat namin ngayon pa lamang
ay inyong tanggapin,
ang basbas at biyaya ng Poong Maykapal
nawa ay sumaatin.